DEP-ED - TABUK CITY
RELEASED
AUG 15 2022
RECORDS UNIT

Republic of the Philippines
**Department of Education**
Cordillera Administrative Region
**Schools Division of Tabuk City**

**Office of the Schools Division Superintendent**

**Division Addendum**
**Blg. 245 s. 2022**

PARA SA: Public Schools District Supervisors
Public Elementary / Secondary School Heads
Samahan ng mga Guro sa Wikang Filipino

PETSA: Agosto 11, 2022

PAKSA: **PAGBABAGO SA MGA GAWAIN SA BUWAN NG WIKANG PAMBANSA**

1. Bilang pakikiisa sa mga gawain ng Buwan ng Wikang Pambansa ngayong Agosto 2022 na may temang 'Filipino at mga Katutubong Wika: Kasangkapan sa Pagtuklas at Paglikha, ang lugar ng pag-aaral sa Filipino mula sa Curriculum Instruction Division ay magsasagawa ng iba't ibang patimpalak sa buong Buwan ng Agosto.

2. Ang patimpalak na lalahukan ng mga mag-aaral ay Pagbigkas ng Tula, Malikhaing Pagkukuwento, Dalawahang Tinig, at Vlog ay magaganap na lamang sa mga paaralan.

3. Sa araw ng kulminasyon na magaganap sa Agostp 30 ay hinihikayat na pumili ng tatlong mambabalagtas para sa paligsahang dagliang balagtasan mula sa mga punungguro ng Distrito ng Silangan, Kanluran, Hilaga, at Timog. Ang mga kawani sa Dibisyon ay maglalaan ng pampasiglang bilang.

4. Ang bawat distrito ay mag-aambag ng pagkain o meryendang pagsasaluhan ng mga kalahok bilang simbolo ng pagkakapatiran at pakikiisa sa nasabing programa.

5. Ang mga kalahok at tagapagdaloy ay magsusuot ng katutubong Filipiniana at Barong Tagalog. Ang mekaniks ng balagtasan ay makikita sa memorandum na ito bilang Lakip Bilang I.

6. Isang malawak at agarang pagpapakalat sa memorandum na ito ay ninanais.

**IRENE S. ANGWAY, PhD, CESO VI**
Schools Division Superintendent

Kalakip sa
DIVISION ADDENDUM
Blg. __, s. 2022 petsa 08/11/22

## PAGBABAGO NG MGA GAWAIN SA BUWAN NG WIKANG PAMBANSA

**DAGLIANG BALAGTASAN:**

**A. Mekaniks**

1. Ang paligsahan ay para sa lahat ng mga punungguro.
2. Ang pangkat ng kalahok sa bawat distrito ay binubuo ng tatlong miyembro; 1 lakandiwa at 2 mambabalagtas.
3. Ang kasuotan ay Katutubong Filipiniana at ganundin sa Barong Tagalog na katutubo.
4. Ang mga kalahok ay may iba't ibang paksa na ibibigay sampung minuto bago magsisimula ang patimpalak sa araw ng pagdiriwang.
5. Ang lakandiwa ang unang magsasalita at magsasara sa balagtasan. Ito rin ang magbibigay ng desisyon kung sino ang magwawagi.
6. Samantalang ang dalawang magtatalo ay may kopyang ibibigay na magiging basehan nito sa balitaktakan ng dunong. Maaring haluan ng Wikang Katutubo ang mga paliwanag sa palitan ng kuro-kuro.
7. Ang mga mambabalagtas ay huhusgahan batay sa mga sumusunod na pamantayan.

**B. PAMANTAYAN:**

Kasiningan ng Pagbigkas- 35%
Disiplina at Ekspresyon- 30%
Nilalaman at kaugnayan- 20%
Panghikayat- 15%
Kabuuan- 100%

**MGA TAGAPAGDALOY:**

| PANGALAN | PAARALAN |
|---|---|
| Jorgina Blancad | Tabuk City National High School |
| Fely E. Lardizabal | Calaccad National High School |
| Rowena Alunday | Nambaran Elementary School |
| Maribel Langbisan | Magsaysay Elementary School |
| Mercedita Tagupa | Balong National High School |
| Luvlie Daluping | Tabuk City National High School |
| Johnrick Pacas | Kalinga National High School |
| Junie Mae Ayabo | New Tanglag National High School |
| Revelyn Velasco | Appas Elementary School |
| Restituta Purisima | Cudal National High School |
| Celso Paguel | Bulanao Central School |